**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 02-031**

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG SEKSIYON 1 AT SEKSIYON 2 NG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 97-28 HINGGIL SA "CROSS-OVER" (PAGTAWID) NG MGA PAMPASADANG TRAYSIKEL SA MGA PANGUNAHING LANSANGAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

***************************************************************************

*Ipinanukala nina:* ***Kgg. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Nicanor L. Echavez***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Rene Carl S. Cayetano***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Artemio A. Simundac***

***************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (3) (vi)** ng **Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991**, "Batay sa mga alituntuning ipinag-aatas ng Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon, ang Sangguniang Panlungsod ay binibigyan ng kapangyarihang magpatibay ng mga ordinansa upang isaayos o pamahalaan ang operasyon ng mga traysikel sa nasasakupang hurisdiksiyon;

**SAPAGKAT,** batay rin sa **Seksiyon 458 (5) (v) (vi)** ng **Kodigo**, ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihang magpatibay ng mga ordinansa na makakatiyak sa maayos at epektibong pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasa-ayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan;

(b) Pagsasa-ayos o pamamahala ng trapiko sa lahat ng mga lansangan;

**SAPAGKAT,** ang isinasaad ng **Seksiyon 1 at Seksiyon 2 ng Kautusang Panlungsod Blg. 97-28** ay hindi na epektibo sa kasalukuyang daloy ng trapiko sa Lungsod ng Muntinlupa, partikular sa kahabaan ng Alabang Viaduct dahil sa sobrang dami ng mga sasakyang bumabagtas o dumadaan dito;

**SAPAGKAT,** ang mga pampasadang traysikel na tumatawid sa Alabang Viaduct, papunta at pabalik sa Pamilihang Bayan ng Muntinlupa o Montillano St. ay labis na nakakaapekto sa normal na daloy ng trapiko

**SAPAGKAT,** ang salitang " **babagtas**" ay lubhang naabuso ng ilang mga drayber ng pamsasadang traysikel upang magamit ang pangunahing lansangan ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang tunay na kahulugan ng salitang **"cross-over"** sa tagalog ay **"tumawid o tatawid"** at hindi babagtas dahil ito ay nangangahulugan ng pagdaan o pagtahak sa mga pangunahing lansangan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang pag-aamyenda sa Seksiyon 1 at Seksiyon 2 ng Kautusang Panlungsod Bilang 97-28 (nag-amyenda sa Seksiyon 17.2 ng Kautusang Panlungsod Blg.96-66) na nagsasaad ng mga sumusunod:
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

**"SEKSIYON 1. Ang probisyon ng Seksiyon 17.2 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-66 na nagsasaad ng:**

***"Ang traysikel ay di dapat magsakay, maghatid o magbaba ng mga pasahero/kargada sa kahabaan ng South Expressway, daanang pangserbisyo (service roads), pangunahing lansangan (national road/highway) at sa kahabaan ng lansangan ng Alabang-Zapote, , maliban kung ito ay magdadala ng pasyente papunta o palabas ng ospital, kung papunta o palabas sa himpilan ng pulisya o TRU,"***

**ay daragdagan ng bagong probisyon na nagsasaad ng sumusunod:**

***"at kung tatawid o babagtas (cross-over) sa pangunahing lansangan upang maghatid o magsakay ng kanilang mga pasahero papunta o palabas sa pamilihang bayan o paaralan."***

**"SEKSIYON 2. Ang Seksiyon 17.2 ng Kautusang Panglungsod Bilang 96-66 ay babasahin ayon sa sumusunod:**

***"17.2 Ang traysikel ay di dapat magsakay, maghatid o magbaba ng mga pasahero/kargada sa kahabaan ng South Expressway, daanang pangserbisyo (service roads), pangunahing lansangan (national road/highway) at sa kahabaan ng lansangan ng Alabang-Zapote, maliban kung ito ay magdadala ng pasyente papunta o palabas ng ospital, kung papunta o palabas sa himpilan ng pulisya o TRU "at kung tatawid o babagtas (cross-over) sa pangunahing lansangan upang maghatid o magsakay ng kanilang pasahero papunta o palabas sa pamilihang bayan o paaralan."***
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

*Ang probisyon ng Seksiyon 1 at Seksiyon 2 ng Kautusang Panlungsod Bilang 97-28 ay inaamyendahan ng Kautusang ito at isinususog ang mga sumusunod:*

**Seksiyon 1.** Mahigpit na ipinagbabawal ng Kautusang ito sa mga drayber ng pampasadang traysikel na tumawid (cross) sa mga pangunahing lansangan ng Lungsod ng Muntinlupa, maliban kung ang pampasadang traysikel ay tatawid (cross) sa pangunahing lansangan (national road) upang:

(1) Maghatid ng pasyente, papunta o pabalik sa pagamutan;
(2) Maghatid ng mga batang mag-aaral, papunta o pabalik sa paaralan;
(3) Maghatid ng pasahero, papunta o pabalik sa pamilihang bayan;
(4) Magparehistro sa TRU; at
(5) Sa anumang oras ng kagipitan o di-inaasahang pangyayari, katulad ng bagyo, baha, sunog, lindol at anumang kalamidad (force majure).

Para sa Seksiyon 1, (2), ang drayber ng traysikel ay kinakailangan munang kumuha ng permiso **(CROSS-OVER PERMIT)** sa Tricycle Regulatory Unit (TRU). At para sa Seksiyon 1, (3), ang bilang ng traysikel na maaaring tumawid ay limitado lamang, alinsunod sa bilang na itatalaga at pahihintulutan ng TRU.

**Seksiyon 2**. Para sa maayos na pagpapatupad ng Kautusang ito, itinatalaga ang Tricycle Regulatory Unit (TRU) bilang pangunahing ahensiya na magpapatupad ng ordinansang ito. Ang TRU ay may kapangyarihan na gumawa ng mga alituntunin na may kinalaman sa pagbibigay ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER sa mga may-ari o drayber ng traysikel matapos itong mabayaran sa resonableng halaga. Ang TRU rin ang may kapangyarihan na pumili at limitahan kung sino lamang ang dapat mabigyan ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER at limitahan ang bilang ng pampasadang traysikel na maaaring tumawid sa pangunahing lansangan (National Road).

**Seksiyon 3**. Ang mga sumusunod na mga drayber ng traysikel ang maaari lamang mabigyan ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER:

a. May mga lehitimo at balidong driver's license at rehistro ng traysikel;

b. Lehitimong kasapi ng asosasyon ng traysikel na kinikilala ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at rehistrado sa TRU;

k. Walang kasong nakabinbin sa hukuman o piskalya na may kinalaman sa kanyang pagmamaneho ng traysikel;

d. Binibigyan ng prayoridad ang lahat na dati ng binigyan ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER;

e. Palagiang may sinisundo o inihahatid sa palengke o paaralan;

g. May kakayahang magbayad ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER;

h. Ang desisyon ng TRU kung sino ang dapat na mabigyan ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER ay pinal na;

i. Ang dami ng bibigyan ng CROSS-OVER PERMIT o STICKER matapos bayaran ang halagang Tatlumpung Piso (P 30.00) ay di lalampas sa dalawang daan.

**Seksiyon 4.** ***PARUSA.*** Sinumang drayber ng pampasadang traysikel na lalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng multa, alinnsunod sa itinatadhana ng Seksiyon 23.2.2 ng Kautusang Panlungsod Blg. 96-66.

**Seksiyon 5.** ***SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA.*** Anumang kautusan o bahagi nito na taliwas o di-tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**Seksiyon 6.** ***SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.*** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos ang paglalathala sa alinmang pahayagan na may malawak na sirkulasyon ng Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **ika-17 ng Enero, 2002,** sa ginanap na ika-**18 Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

***LIBAN:***

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

***HINDI LUMAHOK:***

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN** ko, ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ** pbs, jr
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* __________

**LITO SALAMAT, JR./081501**
**Nory/**

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196